

Taon XXXIV Blg. 9 Hunyo 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

## Ibayong inaarmasan ng US ang rehimeng Arroyo

bayong inuudyukan ng imperyalismong US ang militarismo ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Sa pamamagitan ng \$357 milyong kabuuang halaga ng ayudang militar na ipinangakong ibibigay ng gubyernong US, nais nitong lalo pang paigtingin ng reaksyunaryong rehimen ang todong digma sa Mindanao, Mindoro, at iba pang bahagi ng bansa.

Sa paqdalaw nitong Mayo ni Gloria Arroyo sa kanyang among si Presidente George W. Bush ng US, tumanggap siya ng regalo para sa kanyang walang pasubaling pagkapapet sa imperyalismong US. Nagpahayaq nq lubos na kaqalakan si Bush sa todo-todong pagsuporta ni Arroyo sa "pandaiqdiqanq qerang anti-terorista" at sa pagsalakay at pagsaklot ng US sa Iraq. Pinalakpakan din ni Bush ang deklarasyon ni Arroyo ng pagsusulong ng todong digma sa Pilipinas laban sa mga rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng PKP at MILF.

Bilang pabuya sa kanyang napakatapat na tuta, tinagurian ni Bush na isa na umanong mayor na alyado ng US sa labas ng North At-

lantic Treaty Organization ang Pilipinas sa Asia-

Pacific, kahanay ng Japan at Australia. Dinagdagan din ni Bush ang mga instrumento ng panunupil ng gubyernong Arroyo. Ito na ang pinakamalaking limos na natanggap ng sinumang papet na presidente mula nang patalsikin ang mga base militar ng US noong 1992.

Aabot sa \$47 milyon ang subsidyo ng gubyernong Bush sa rehimeng Arroyo para sa paglulunsad ng Balikatan 03-1 sa Sulu ngayong Hunyo o Hulyo. Dalawang milyong dolyar (\$2 milyon) naman ang nakalaan sa "rehabilitasyon ng Sulu," o ang sangkap na pansaywar pagkatapos manalasa ang mga tropa ng US at AFP sa lalawigan.

Dagdag pa rin sa arsenal ng panunupil na iniregalo ni Bush ang 15,000 ripleng M16, bu-

kod pa sa 15,000 nauna nang ipinadala noong Abril; \$30 milyon para sa pagsasanay at pag-aarmas ng mga light reaction company, light reaction battalion at SEALS (mga tropang kumando) ng Philippine Navy; 33 helikopter na pangkombat; perang pangkumpuni sa mga ito at sa mga ero-

panggerang dati nang ipinangako ng US; at \$10 milyon para sa mga

plano, trak at barkong

Mga tampok sa isyung ito...

Mga tagumpay sa rebolusyong agraryo sa Samar PAHINA 5 Kasinungalingan sa likod ng gera sa Iraq PAHINA 7 13 armas, nasamsam sa reyd sa Misamis Oriental PAHINA 11 pagsasanay at kagamitan sa "gera kontra-terorismo"—ibig sabihin, sa paniniktik at panunupil sa mga lumalaban sa estado.

Walang ibang pakay ang gayong ayuda kundi bigyan ng dagdag na kakayahan ang rehimeng Arroyo para maglunsad ng mababangis na operasyong militar na kinatatangian ng walang habas na pambobomba, panganganyon at pag-atake sa mamamayan laluna sa kanayunan. Mangangahulugan ito ng pagpapatindi sa pananalbeyds sa mga lider at aktibistang masa, at paniniktik at panunupil sa mga militanteng organisasyon.

Noong bisperas ng pagtungo niya sa US, ibinando ni Arroyo ang utos niyang bombahin at kanyunin ang mga lugar na pinaghihinalaang binabasehan ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa Mindanao. Sampung araw na binugbog ng malawakang operasyong militar ang apat na prubinsya sa Mindanao, na nagbunsod ng sapilitang paglikas ng mahigit 400,000 sibilyan. Mahigit 60 sa mga nagsilikas ang nangamatay sa masisikip at maruruming evacuation center, karamihan mga bata.

Buong galak namang tinutupad



Walang ibang pakay ang gayong ayuda kundi bigyan ng dagdag na kakayahan ang rehimeng Arroyo para maglunsad ng mababangis na operasyong militar na kinatatangian ng walang habas na pambobomba, panganganyon at pag-atake sa mamamayan laluna sa kanayunan.

ng papet na si Arroyo ang lahat ng iniuutos ng kanyang amo dahil na-kuha rin niya ang pinakaaasam na basbas para magpatuloy sa poder. Pinakahuli sa mga hakbang niya ang pakikipagkasundo sa gubyerno ng US noong Mayo 13 na hindi ipa-iilalim ng Pilipinas ang sinumang Amerikano sa pag-uusig ng International Criminal Court.

Paborable para sa US na manatili si Arroyo sa poder upang tuluy-tuloy na mapatindi ang armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas.

Anumang araw ay maaaring ideklara na ni Arroyo na "nagbago na ang kanyang pasya," na "hindi niya matatalikuran ang hamon ng panahon" o ang "tawag ng tungkulin," at siya'y tatakbo na sa pagka-

presidente sa 2004. Gayunman, inihahanda rin ng US si Defense Sec. Angelo Reyes bilang reserbang kabayo sakaling wala na talagang pag-asang maipanalo si Arroyo sa eleksyon.

Maling-mali sina Arroyo at Bush sa pag-aakalang masusupil ang paglaban ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng dagdag na bala't baril. Hinding-hindi natatakot ang Bagong Hukbong Bayan sa pagtanggap ng AFP ng mas maraming armas mula sa US. Marami sa mga ito ay tiyak na mapapasakamay din ng mga Pulang mandirigma sa pamamagitan ng mga ilulunsad na taktikal na opensiba laban sa mga pasistang tropa.

Nagkakamali rin sila kung inaakala nilang mapapawi sa isipan ng sambayanan ang malalang pampulitika at sosyo-ekonomikong krisis sa pamamagitan ng mumong "ayudang pangkaunlaran." Ibayo pa ngang pinag-aalab ng teroristang kampanya ng US at ng rehimen ang gera sibil sa Pilipinas at ang patriyotikong diwa ng malawak na masa ng sambayanan.

Walang anumang mapapala si Gloria Arroyo sa kanyang kahiyahiyang pangangayupapa sa among imperyalista kundi ang pagtatakwil sa kanya ng mamamayan at ang paglalagay sa kanya sa di mapasusubaliang lugar bilang isa sa pinakamasasahol na tuta ng imperyalismong US sa kasaysayan ng papet na republika.

## Bayan

Taon XXXIV Blg. 9 Hunyo 7, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

#### **Editoryal**

Alloyo	1
Presensyang militar ng US	3
Mga atake ng AFP sa MILF	4
Mga Ulat Koresponsal	
Rebolusyong agraryo sa Samar	5
Sa Ibayong Dagat	
Kasinungalingan laban sa Iraq	7
Bagong planong nukleyar ng US	8
Propagandista ng imperyalismo	9
Panonortyur sa mga Iraqi	9
Parang pelikulang <i>Rambo</i>	10
Balita	11

Inaarmasan ng US ang rehimeng

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Mas malaking palagiang presensyang militar, itinutulak ng US

Din ngayon ng US ang palakihin pang lalo ang presensya ng mga tropa nito sa Southeast Asia at ilan pang rehiyon at palakasin ang kakayahan nilang maging makilos at mas mabilis na magpalipat-lipat mula sa kasalukuyan nitong mga base militar. Ito ang sinabi ni Deputy Defense Sec. Paul Wolfowitz ng US sa pagtatapos ng Asian Security Conference na idinaos sa Singapore nitong Mayo 31.

Ayon kay Wolfowitz, isinasagawa ngayon ng US ang "masusing pagtatasa at pagrereorganisa" ng kasalukuyang latag ng mga pwersang militar nito, laluna sa Southeast Asia.

Sa kanilang pagtatasa, kulang ang presensya ng militar ng US sa rehiyon. Tanging ang mga tropang Amerikano sa Mindanao ang litaw na presensyang militar ng US sa rehiyon ngayon. Ang iba pang pwersa nito ay nakabase sa Northeast Asia (Japan at South Korea) at pawang nakaumang sa North Korea. Mula nang mapatalsik ang dalawang base militar ng US sa Pilipinas, naqpakasapat na ang US sa pagmamantine ng mga barkong pandigma sa karagatan ng Asia-Pacific bilang garantiyang pansequridad at paraan ng mabilisang pagpapakat ng mga tropa nito sa rehiyon.

Pinaplano ng US na patatagin ang presensya nito sa Southeast Asia sa pamamagitan ng paglalatag ng malawak na lambat ng maliliit na taktikal na baseng tinatawag nitong deployment bases o forward operating bases. Planong itayo ang mga ito sa Pilipinas, Vietnam, Singapore, Malaysia at Australia. Sa partikular, balak umano ng US na magbase ng mga tropang panlupa sa Pilipinas at tropang nabal sa Vietnam. May plano rin ang US na bawasan ang 20,000-kataong

pwersa sa base militar nito sa Okinawa, Japan at ilipat ang marami mula rito sa itatayong *forward operating base* sa Pilipinas.

Kinumpirma naman ng upisina ng Defense Minister ng Australia na ipinaabot na ng US ang plano nitong pasaklawin at patatagin ang presensyang militar sa kanilang bansa. Sa partikular, hinihiling ng US ang pagbabase ng mga eroplanong pandigma at ng 5,000 tropang Marines sa Australia. Sa kasalukuyan, may ilan nang eroplanong pandigma at tropang panlupang nakikisukob sa mga base militar ng Australia.

Dati nang masaklaw na tinalakay ang paksang ito sa dokumentong "Rebuilding America's Defenses" na ipinagawa noong Setyembre 2000 nina ngayo'y Bise Pres. Richard Cheney, Defense Sec. Donald Rumsfeld at iba pang susing upisyal ng US. Kamakailan ay inilathala ang dokumento sa dyaryong Sunday Herald sa US sa harap ng mga redispusisyon ng tropang militar na binabalak ng US.

Hindi na rin umano sasapat ang pagpapalakas lamang ng kasaluku-yang presensyang nabal sa karagatan ng Asia-Pacific o ang pagsandig sa kasalukuyang tropang militar na nakaistasyon sa rehiyon. Para sa mga layuning militar at pampulitika, marapat umanong

mag-istasyon ng pwersang panlupa at panghimpapawid na mataas ang kakayahang maging makilos (rapidly mobile) partikular sa Southeast Asia.

Ang mga pwersang ito ay magsisilbing suplementaryo o pansuporta sa mga tropang permanenteng nakaistasyon sa Japan at Korea. Ayon din sa dokumento, kinakailangang hindi bababa sa lakas-brigada o lakas-rehimyento ang nakaistasyon sa naturang mga taktikal na base sa anumang panahon upang "epektibong makapagsagawa ng mga tradisyunal na operasyong panlupa habang pinananatiling mataas ang kakayahang maging makilos ng naturang mga pwersa."

Ang itatayong deployment bases o forward operating bases ay magsisilbi ring pusisyunan ng mga kagamitang pandigma.

Hindi kinakailangang magsimula sa wala ang paglalatag ng gayong mga taktikal na base. Ayon sa dokumento, maaaring makisukob na lamang ang US sa nakatayo nang mga base militar ng bansang hihimpilan (o host country), na "pauunlarin" na lamang. Ipababali-

kat ng US sa host country ang aktwal na "pagpapaunlad" at iba pang maliliit na gastusin sa pagtatayo ng base. Upang ibayo pang makatipid, gagamitin ng US ang armadong pwersa ng host country upang imanti-

# Bagamat sa simula ay magsisilbing pansuporta lamang ang mga deployment bases, maaari pang palawakin at pasaklawin ng US ang mga ito batay sa pangangailangan.

ne ang naturang mga base. Ang anumang karagdagang gastos para sa gayong pag-aayos ay maaaring ituring na bahagi ng "ayudang panseguridad" sa naturang bansa. Sa gayon, kaagad, madali at matipid na maitatayo ang mga taktikal na base.

Sinabi rin sa dokumento na bagamat sa simula ay magsisilbing pansuporta lamang ang deployment bases, maaari pang palawakin at pasaklawin ng US ang mga ito batay sa pangangailangan. Kumpara sa mga permanenteng base, mas katanggap-tanggap din ang gayong pleksibleng klase ng mga base laluna sa

ilang nag-aalangang alyado ng US.

Sa Pilipinas, kahit hindi pa naipatatanggal ng US ang mga prubisyon sa konstitusyong nagbabawal sa mga dayuhang base militar at armas nukleyar, ang ga-

yong mga taktikal na base ay kasalukuyang madulas nang maitatayo sa pamamagitan ng mga umiiral na kasunduan, tulad ng Mutual Defense Treaty, Military Assistance Pact, Mutual Logistics Support Agreement at Visiting Forces Agreement. Gayunman, itinutulak pa rin ng US ang pagbabago sa konstitusyon ng Pilipinas upang higit pa itong lumuwag para sa anupamang posibilidad na magtatag ng mga pirmeng base militar sa bansa sa hinaharap. Sa gayo'y mahahawan ang daan para sa mas malawakan, mas matindi at mas tahasang interbensyong militar ng US sa bansa.

Sa kabila ng tigil-putukan

## Patuloy ang atake ng AFP sa MILF

ahasang tinanggihan at patuloy na binabalewala ng rehimeng Arroyo ang deklarasyon ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) ng 10 araw na tigil-putukan mula Hunyo 2 upang mabigyang-daan ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP).

Sa halip, iniutos ni Arroyo sa AFP na pag-ibayuhin pa ang mga atake laban sa MILF. Pinipilit din ni Arroyo ang MILF na pumirma sa isang "pinal na kasunduang pangkapayapaan" na nagtatakda ng pagsuko nito sa rehimen, pagpapadakip sa mga pwersa ng MILF na nagsagawa umano ng mga pambobomba at pagbubunyag sa kanilang mga pusisyon—na pawang imposibleng sundin ng MILF.

Dahil dito, halos tiyak nang maibabasura ang usapang pangkapayapaan. Ani Ignacio Bunye, tagapagsalita ni Arroyo, anumang araw ay posibleng pormal nang ibilang ng GRP sa talaan nito ng mga "terorista" ang MILF at tuluyan nang isara ang negosasyon.

Isang araw matapos ianunsyo ng MILF ang planong tigil-putukan mula Hunyo 2 hanggang Hunyo 12, binomba ng mga eroplanong OV-10 Bronco at Tora-Tora ng AFP ang isang baryo sa Butig, Lanao del Sur. Marami umanong tauhan ng MILF ang napinsala, ayon sa matataas na upisyal ng militar.

Mariing kinundena ng Muslim Multisectoral Movement for Peace and Development ang pambobomba. Ayon naman kay Al Haj Murad, Vice Chairman for Military Affairs ng MILF, tiyak na mga sibilyan ang tinamaan sa mga pambobomba dahil walang kampo ang MILF sa lugar.

Ayon kay Murad, idineklara ng Komite Sentral ng MILF ang tigilputukan bilang tugon sa panawagang kapayapaan ng Catholic Bishops Conference of the Philippines, Bishops-Ulama Conference at iba pang nagtataguyod ng kapayapaan sa Mindanao. Nagbabala naman si Ghadzali Jaafar, Vice Chairman for Political Affairs ng MILF, na magiging malaking pagkakamali ng gubyernong Arroyo kung hindi nito positibong tutugunin ang tigil-putukan.

Habang wala pang tigil-putukan, ipinagpatuloy ng MILF ang mga gerilyang atake nito sa AFP para labanan ang mga walang humpay na opensibang militar ng rehimen. Noong Mayo 31, pitong elemento ng CAFGU ang namatay nang ambusin sila ng mga gerilya ng MILF sa South Upi, Maquindanao. Noon namang Mayo 29, tatlong sundalo at 12 elemento ng CAFGU ang namatay nang salakayin ng MILF ang dalawang magkalapit na detatsment ng 40th IB sa Carmen, North Cotabato. Nakasamsam ang MILF ng dalawang garan at isang M16.

Samantala, walang patid ang pananalakay ng mga pwersa ng gubyerno sa mga pwersa ng MILF, kaya naoobliga itong patuloy na magtanggol at lumaban.



### Mga tagumpay sa rebolusyong agraryo, inaani sa Samar

Ang sumusunod ay una sa serye ng mga artikulo tungkol sa mga tagumpay sa rebolusyong agraryo sa Samar.

inatamasa ngayon ng masang magsasaka ang mga benepisyo ng hakbang-hakbang na pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa sa mga sona at baseng gerilya sa Samar. Sa isang bahagi ng baseng qerilya nito na kumbinasyon ng malawak na palayan at niyugan, pursigido at sustinidong isinusulong ng mga magsasaka ang antipyudal na pakikibaka sa antas baryo at interbaryo.

Bunga ng mga benepisyong nakamit ng mga magsasaka sa paglulunsad ng rebolusyonaryong reporma sa lupa, ang kalagayan nila ngayon ay malayo na kumpara noong bago dumating ang unang yunit ng BHB sa lugar noong huling bahaqi ng 1977.

Noon, sa kabila ng yaman ng lupa, dumaranas ng sukdulang kahirapan ang masang magsasaka dulot ng pyudal na pagsasamantala. Laging sagana

ang ani kahit

simple lamang

ang kagamitan

syon.

produk-

Halimbawa, nakaaani ng 40-50 samga panginoong

kong palay sa bawat ektarya kahit walang patubig o pataba. Karamihan sa mga baryo ay nakaaani ng 3,000 hanggang 10,000 sako ng palay bawat anihan. Subalit 30-40% lamang nito ang natitira sa baryo. Malaking bahagi ang hinahakot patungo sa mga bodega ng maylupa sa

masang magsasaka ay unti-unting nauubos sa pagbabayad ng mga utang dahil sila ang pumapasan sa malaking gastos sa produksyon. Sa parte ring ito kinukuha ng magsasaka ang mga pang-araw-araw na batayang pangangailangan.

Monopolisado noon ng siyam na pamilyang panginoong maylupa ang mga prinsipal na kagamitan sa produksyon gaya ng lupa at kalabaw. Pag-aari nila ang 40-50% ng mga palayan at niyugan at 80% ng mga kalabaw sa lugar.

Itinatakda ng mga panginoong maylupa ang mataas na upa sa lupa at kagamitan sa produksyon, mababang pasahod at mahabang oras ng paggawa, mataas na interes sa pautang at sobrang ganansya sa mga paninda.

Tatlong yugto. Dumaan sa tatlong yuqto ang masalimuot at sa ilang pagkakataon ay madugong pakikibaka ng mga magsasaka sa lugar upang baguhin ang kaayusang ito.

▶ *Unang yuqto (1978-1985)*: Kumprehensibong isinulong ang rebolusyong agraryo. Matindi ang reaksyon ng apat sa siyam na panginoong maylupang nagmamayari sa humiqit kumulang 2,000 ektaryang lupain. Sumama sila sa mga operasyong militar kung saan ilang lider-magsasaka ang pinatay ng kaaway at maraming magsasaka ang lumikas at tumira sa gubat. Gayunpaman, hindi tumiqil ang kanilang pakikibaka at ku-

malat pa ito sa ibang





poblasyon.

Samantala,

ang kaka-

rampot na

parte

ng

- ▶ Ikalawang yugto (1985-1992): Nawala ang bwelo ng mga antipyudal na pakikibaka dahil itinuon ng BHB ang pangunahing pansin sa di napapanahong "reqularisasyon" at insureksyunismo.
- ► *Ikatlong yuqto (1993-2002):* Muling binigyang-diin ang antipyudal na pakikibaka sa gabay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng Komite Sentral ng Partido. At dahil sa pagsulong at pagsigla muli ng mga antipyudal na pakikibaka, naitayo ang mga ganap na organisasyong masa.

Sumusunod ang ilan sa mga taqumpay na nakamit nila:

Napababa ang upa sa lupa. Noon, 50-50 ang karaniwang hatian sa palayan. Ang tanging sinasagot ng panginoong maylupa ay kalahati ng pasahod sa mga manggagawang bukid samantalang sa kasamá nakaatang ang lahat ng trabaho, kalahati ng pasahod at ang pakain.

Sinimulan ang pagpapababa ng upa sa lupa nang 30% sa paraang lihim noong 1978, at umabot sa 50% nang gawin nang hayag ang pakikibaka noong 1985. Sa ngayon, naibaba pa ang upa sa lupa tungong 10% na lamang sa mga palayan.

Sa niyuqan, binaliqtad ang dating hatiang tersyo (1/3 sa kasamá, 2/3 sa panginoong maylupa). Lubhang mapagsamantala ang hatian noon dahil lahat ng gastos at trabaho ay pinasan ng kasamá.

Sinisikap ding masistematisa ang pangangasiwa ng organisasyong masa sa mga kumpiskadong lupain na di kukulangin sa 500 ektaryang palayan at niyugan. Dahil dito, malaking bahagi ng kita mula sa mga lupaing ito ang napupunta na sa masang magsasaka.

Napataas ang sahod. Ang sahod sa paqtatrabaho sa palayan, niyugan, pag-aabaka, pagtitistis ng kahoy at pagkakarpintero ay napataas nang 33% sa minimum mula sa dating P50 hanggang P100 kada araw na karaniwa'y walang pakain.

Halimbawa, sa pagtatanim ng palay, napataas tungong P50 mula sa dating P5 ang bayad sa bawat 100 metro kwadrado. Ang paghahakot ng isang sakong palay sa katamtamang layo ay binabayaran na

Sa katunayan, ang

maraming rekrut ng BHB

ay nanggagaling sa mga

baryong may mga

kongkretong benepisyo

sa rebolusyonaryong

reporma sa lupa.

ngayon ng P20 mula sa dating P2 lamang. Ang bayad naman paghahakot nang por kilo ay naitaas mula P0.50 tungong P1.00. Ang paggusi hanggang paqbubunot nq niyog ay binabayaran na ng P30

bawat isandaang piraso mula sa dating P5. Napataas din ang sahod para sa walong oras na trabaho ng mga manggagawang bukid mula P50 tungong P200 ngayon.

**Kontra usura.** Unti-unti na ring napapawi ang mataas na interes sa pautang at sobrang laki ng ganansya sa komersyal na paninda. Dati, tatlong buwan pagkatapos ng anihan, napipilitan nang umutang ang masang magsasaka sa mga komersyanteng usurero dahil nauubos na ang kanilang parteng palay at kailangan nila ng panggastos sa pangaraw-araw na pangangailangan. Inuutang din nila ang gagastusin sa susunod na taniman.

Ang isang sakong palay na inutang bago ang anihan ay binabayaran noon ng dalawa (100% interes) hanggang tatlong sako (200%). Ngayon, isa't kalahating sako (50% tubo) na lamang ang ibinabayad dito. Ang dating sistemang 5-6 o 20% buwanang patubo sa utang na salapi ay naibaba na tungong 10% interes na lamang. Sa mga mas masahol na kaso kung saan ang utang na P50 ay binabayaran ng isang sakong palay (P350 o 600% na interes), kalahating sako o P175 na lamang ang ibinabayad.

Maraming lupa ng mga magsasaka ang napasakamay noon ng mga panginoong maylupa-usurero dahil sa pangangamkam at napakataas na interes sa pautang sa anyo ng prenda na 50% ang tubo. Sa ngayon,

> unti-unti nang nababawi ng mqa maqsasaka ang naisanlang mqa lupa.

> Ang ganansya ng mga komersyante sa mga paninda ay napababa mula 50% tungong 10% na lamang. Nang wala

pa ang rebolusyonaryong kilusan, 30-300% ang ipinapatong nila. Sa kabilang banda, napataas naman ang presyo ng produkto ng masa. Ang dating P15 kada kilong karne ay ibenebenta na ngayon sa presyong P70 kada kilo.

Mga kooperatiba. Mahalaga sa pagsusulong at pagkonsolida ng mga tagumpay sa antipyudal na pakikibaka ang naitayo nilang mga kooperatiba sa pautang, sa hayupan, sa paqbebenta ng kanilang produkto at pangkonsyumer. May komunal na sakahan din sila. Ganito ang pagtingin nila:

"Pinauunlad nito ang pangekonomyang aktibidad para sa kagalingan... ng kasapian ng organisasyong masa at masang magsasaka. Nagsisilbi itong katuwang na paraan sa hakbang-hakbang na pagpawi ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa lugar. Nagsisilbi itong binhi ng kooperatibisasyon ng agrikultura at dahandahang pagbabago sa lumang sistema ng produksyon."

Bunga ng mga tagumpay na ito sa rebolusyong agraryo, nailatag ang paborableng kundisyon sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, pagbubuo ng Partido at gawain sa nagkakaisang prente sa kanayunan hanggang sentrong bayan.

Makikita ang malawak at malalim na suportang masa sa armadong pakikibaka pangunahin na sa pagpapalitaw ng mga Pulang mandirigma para sa BHB. Sa katunayan, ang maraming rekrut ng BHB ay nanggagaling sa mga baryong may mga kongkretong benepisyo sa rebolusyonaryong reporma sa lupa. Masigla silang sumusuporta at sa ilang pagkakataon ay tuwirang lumalahok sa mga taktikal na opensiba ng BHB.

Makikita rin ang pagtulong ng masa sa pang-araw-araw na mga pangangailangan ng hukbong bayan. Inaasikaso rin nila ang pagtulong sa mga pamilya ng mga Pulang mandirigma.

Pinangangalagaan din ng masa ang kaligtasan ng malakihang mga pagtitipon ng mga kasama na idinaraos sa mga sulong na baryo, tulad ng mga pag-aaral, pulong at pagsasanay ng mga kadre at mandirigma.

Dahil sa kanilang tuluy-tuloy na pakikibaka, maraming magsasaka at manggagawang bukid ang narerekrut sa Partido at mabilis ang pagbubuo ng mga sangay ng Partido sa lokalidad. Nakapagpapalitaw at nakapagsasanay din ng mga lokal na kadre at sa gayon, nabuo ang komiteng seksyon.

Ang mga magsasaka at manggagawang bukid ay hindi lamang kumikilos bilang mga pwersa sa pakikibakang antipyudal kundi lumalahok din sa mga antipasista at anti-imperyalistang pakikibaka. Halimbawa nito ang mga kampanya laban sa umiigting na militarisasyon at pagsuporta sa mga hayag na pakikibaka sa mga sentrong bayan at lunsod.

## Kasinungalingan sa likod ng gera sa Iraq

Ibayo pang nabubunyag ang kabulaanan ng sinasabing weapons of mass destruction ng Iraq

pang makuha ang internasyunal na suporta para sa gera sa Iraq, isinangkalan ng US at UK ang diumano'y pagtatago ng gubyernong Saddam Hussein ng weapons of mass destruction (WMD). Subalit dalawang buwan matapos okupahin ang Iraq, wala pang maipakita ni butil ng WMD ang mga mananakop.

Bunsod nito, nagkakandarapa ngayon ang US at UK na magpasulpot ng anumang patunay na gumawa ng WMD ang dating gubyerno ng Iraq. Upang hindi mapahiya, sarisaring palusot ang inilalabas ngayon ng mga upisyal ng US at UK.

Kamakailan, ibinunyag ng mismong mga ahensyang paniktik ng UK na pinilit sila ng rehimeng Blair na idagdag sa kanilang dossier ang kasinungalingang may kakayahan ang rehimen ni Saddam na ilunsad ang hawak nitong WMD "sa loob ng 45 minuto." Ginamit ni Blair ang "impormasyong" ito upang takutin ang

mamamayang

British at iqiit

Donald Rumsfeld ng US, talagang wala silang matatagpuang weapons of mass destruction dahil winasak na diumano ni Saddam ang mga ito bago pa man ang gera. Dagdag naman ni Deputy Defense Sec. Paul Wolfowitz, ginamit lamang ang weapons of mass destruction dahil ito ang tanging pwedeng pagkaisahan ng lahat ng mga paksyon at ahensya ng qubyernong US. Si Wolfowitz and pinuno ng espesyal na komiteng binuo ng rehimeng Bush upang maghanap ng pinakamagandang sangkalan para salakayin at okupahin ang Irag.


Ayon mismo kay Defense Sec.

Ibayo na ngayong nabubunyag na ang sinasabing presensya ng WMD sa Iraq ay pawang kasinungalingan at gawa-gawa lamang.

Nitong Mayo 30, ibi-

nunyag ng masmidya sa United Kingdom na ilang araw bago humarap sa United Nations Security Council si State Sec. Colin Powell ng US, lihim

siyang nakipagpulong kay Foreign Minister Jack Straw ng UK.



Sa naturang pagpupulong, nagpahayag kapwa sina Straw at Powell ng matinding reserbasyon sa mga inihapag na ulat-paniktik hinggil sa diumano'y presensya ng WMD sa Iraq. Sa kanilang pag-uusap, nagkaisa ang dalawa na hindi sapat ang nakalap na ebidensya at hindi tapat na inilatag ng mga ulat ang aktwal at obhetibong kalagayan.

Sa kabila ng kakulangan ng sapat na impormasyon, humarap si Powell sa UN Security Council at isiniwalat ang umano'y mga ebidensya ng pagkakaroon ng WMD sa Iraq. Ang naturang mga impormasyon ay nakalap umano ng kanilang mga ahensyang paniktik. Ang totoo, kalakhan ng ipinakita ni Powell ay nakabatay lamang sa *dossier* na ihinanda at isinapubliko ng rehimeng Blair ng UK noong Enero. Malaking bahagi rin nito ay hindi resulta ng masusing panga-

ngalap at pagsusuri sa datos paniktik kundi kinopya lamang mula sa *thesis* ng isang estudyanteng Amerikano

Ngayong bistado na ang kasinungalingan tungkol sa WMD, nagtuturuan ang Defense Intelligence Agency (DIA) ng US at ang Pentagon kung sino ang may kasalanan sa pangyayari. Inaakusahan ng DIA ang Pentagon ng pagsasayang sa \$30 bilyong *intelligence funds* ng US at pambabaluktot sa mga datos paniktik para umakma ito sa adyendang pampulitika ng rehimeng Bush laban sa Iraq. Sadya raw binalewala ng Pentagon ang karamihan ng datos mula sa DIA at pinatingkad yaong nagmula sa Iraqi National Congress, isang grupong malaon nang pinopondohan ng US para ibagsak ang gubyerno ni Saddam Hussein.

## Bagong planong nukleyar ni Bush

Habang nag-aastang tagapagtanggol ng daigdig laban sa weapons of mass destruction, nagpaplano ang US na lumikha ng isang bagong nukleyar na arsenal

tinutulak ngayon ng Pentagon ang paglikha ng kauna-unahang mga bagong tipo ng armas nukleyar ng US mula nang magwakas ang Cold War.

Dalawang plano ang inihahapag ng Pentagon. Una, balak nitong retokehin ang mga dati nang warhead upang bigyang-kakayahan ang mga ito na makawasak ng mga bunker sa lalim na 1,000 piye. Ikalawa, nais nitong magdisenyo ng mini-nukes o maliliit na armas nukleyar na angkop laban sa mga imbakan ng mga sandatang kemikal at biological. Apatnapu't anim na milyong dolyar (\$46 milyon) ang ipinapanukalang gastusin ng Pentagon para sa plano sa taong 2004.

Ipinagbawal ng kongreso ng US nitong nagdaang dekada ang paglikha ng mini-nukes sa pangambang mas malamang na hindi pagatubilian ang paggamit sa mga ito. Nitong nakaraang buwan, nakumbinsi na ni Bush ang Senado ng US

na alisin ang
pagbabawal. Isasalang na rin
ang usapin sa deliberasyon ng House
of Representatives.

Iginigiit ng administrasyong Bush na ang
kasalukuyang nukleyar
na arsenal ng US ay idinisenyo para mangwasak
ng mga syudad. Wala umano itong kakayahang sumuot sa

ilalim ng lupa kung saan umano binubuo at itinatago ng mga bansang tulad ng Iran at North Korea ang kanilang weapons of mass destruction. Hindi na rin umano epektibong pamigil ng atake ang

kasalukuyang arsenal. Tantyado umano ng mga kalaban ng US na hindi nito gagamitin ang kasalukuyang mga armas nukleyar dahil sa matinding internasyunal na oposisyon sa napakalawak na pinsalang idudulot nito.

Ang tunay na nais ng rehimeng Bush ay luwagan ang renda sa paggamit ng mga armas nukleyar upang mas madaling masindak at magapi ang mga itinuturing na kalaban ng US. Mas madaling pagpasyahan ang paggamit ng

mas maliliit at mas asinta-

dong armas
nukleyar
dahil mas
maliit din
ang pinsalang idudulot ng mga
ito kumpara
sa mga dating tipo ng
sandatang
nukleyar.
Nais likhain
ng US ang

isang kaayusan kung saan ang mga armas nukleyar ay magagamit kailanma't naisin na animo'y mga ordinaryong sandata lamang.



## Dambuhalang propagandista ng imperyalismo


Ilang malalaking kumpanyang masmidya sa US ang walang kahihiyang nagsisilbing tagapagsalita ng militaristang gubyernong Bush

alaki ang ginagampanang papel ng midya sa pagpapalaganap ng imperyalista at reaksyunaryong pananaw at paninindigan. Malinaw ito sa ginawang coverage ng pinakamalalaking media network sa US sa "gera kontra-terorismo" sa pangkalahatan at sa pananalakay ng US sa Iraq noong Marso sa partikular.

Sa parehong pagkakataon, mahusay na nagamit ng Pentagon at Central Intelligence Agency (CIA) ang malalaking *media network* na ito—mula telebisyon at radyo hanggang dyaryo at internet—bilang katuwang sa pagpapalaganap ng sarisaring disimpormasyon at

hakahaka at "linisin" (sanitize) ang parusang dala ng imperyalistang gera sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Iragi.

Ang mga reporter na *embedded* o nakasanib sa mga yunit-militar ng US ay nagsilbing mga tagapag-



## Mga sundalong British, nantortyur ng mga Iraqi

Iniimbestigahan ngayon ang daan-daang tropang British, kabilang ang mga upisyal at kumander na sangkot sa pananalakay sa Iraq matapos mabunyag ang mga insidente ng pang-aapi at panonortyur ng mga ito sa mga nadakip na sibilyan at sundalong Iragi.

Nitong Mayo, nakuha sa isang sundalo ang ilang litratong nagpapatunay ng kalupitan at pang-aapi ng isang grupo ng sundalong British sa kanilang nabihag sa digma. Sa isang litrato, ibinitin sa forklift truck na minamaneho ng isang sundalong British ang isang nakagapos at binusalang Iraqi. Makikita sa litrato ang isang "tawang-tawang sundalong British." Ang ibang litrato ay nagpakita ng ilang Iraqi na nakahubad at pinipilit na gumawa ng mga aktong sekswal sa mga sundalong British o di kaya'y sa isa't isa habang nanonood ang iba pang mga sundalo. Mayroon ding larawan ng dalawang hubad na Iraqing takot na takot na nakayuko.

Bago ito, nabunyag ang kalupitan ni Col. Tim Collins, kumander ng isang batalyong nakaistasyon sa Basra, laban sa mga sibilyang Iraqi. Saksi hindi lamang ang kanyang tauhan, kundi pati ang mga tropang Amerikano na nakaistasyon din sa Basra sa nasabing panahon, sa pambubugbog ni Collins sa isang lider Iraqi, walang pakundangang pamamaril at pananakot sa iba pang sibilyan at pagpapaputok sa mga gulong ng mga sasakyan ng sibilyan.

salita ng naturang mga yunit. Sa pamamagitan nila, sinalamin ng 24 oras araw-araw na coverage ng mga dambuhalang media outlet ang kalkuladong propaganda ng CIA at Pentagon. Pinalakpakan ng Fox News, CNN at MSNBC ang bawat maliit na aksyon ng mga sundalong Amerikano sa Iraq at nilimita ang paq-uulat sa mga opinyon at pangyayaring sumasalungat sa upisyal na bersyon ng CIA at Pentagon. Naging daluyan ang mga ito ng pinakamasasahol na porma ng propaganda ng CIA at Pentagon, kabilang ang mga mala-pelikulang iskrip at palabas (Tingnan ang kaugnav na artikulo).

Sa kabilang banda, ginamit ng mga media network ang kanilang "matalik" na relasyon sa mga tropang Amerikano upang tuluy-tuloy na magpalabas ng mga footage na sensationalized at ngayon lamang makikita kaugnay ng mga piling pangyayari at pahayag ng mga upisyal-militar sa pag-asang makalamang sa kani-kanilang mga karibal at makaakit ng mas marami pang manonood at mambabasang walang kamalay-malay.



Parang pelikulang Rambo

Bukod sa engrandeng kasinungalingan tungkol sa weapons of mass destruction, nabubunyag na rin ang pagpapakana ng CIA at Pentagon ng mga gawa-gawang kwento't palabas para patingkarin ang umano'y kawastuan ng pananalakay, kadakilaan ng mga sundalong Amerikano at kalupitan ng mga pwersang Iragi.

Tampok sa mga kasinungalingang ito ang sumusunod:

Ang pagbabagsak sa rebulto ni Saddam Hussein. Noong Abril 9, tatlong linggo matapos simulan ng US ang pananalakay sa Iraq, pinasok ng mga tropang Amerikano ang syudad ng Baghdad.

Noong araw ding iyon, ibinrodkas ng imperyalistang midya ang tila napakasayang pagdiriwang ng mamamayang Iraqi sa pagpapatalsik kay Saddam Hussein at tila ispontanyo ring pagpapabagsak sa higanteng rebulto niya sa isang parke sa gitna ng Baghdad.

Paulit-ulit at walang tigil itong ipinakita sa mga telebisyon sa buong mundo bilang patunay ng diumano'y laganap at malawakang pag-aalsa ng mamamayang Iragi laban sa rehimen ni Saddam Hussein. Ipinangalandakan ito nina Presidente Bush ng US at Prime Minister Blair ng UK. Patunay umano ito ng mainit na pagtanggap ng mamamayang Iragi sa pagsakop ng mga tropang Amerikano sa Irag at pagpasok sa Baghdad. Mula sa "ilang dosenang mamamayan" sa simula, naging "ilang libo" hangqanq "libu-libonq Iraqi" na sa kalaunan ang iniulat na lumahok sa kamangha-manghang pangyayari.

Sa mga ulat ng mga dambuhalang *media network,* ni minsan ay hindi ipinakita ang kabuuang parke o kahit ang kabuuang pagtitipon man lamang ng mga tao.

Ngunit nabunyag na ngayon na ang pangyayaring ito ay isa lamang palabas ng CIA at Pentagon na nakadisen-yo para ilabas sa telebisyon.

Inilathala sa internet ng isang litratista ng Reuters ang mga litratong kinuha mula sa isang mataas na gusali na nagpakita sa kabuuan ng parke. Kitang-kita na mahigit lamang nang kaunti sa 100 katao ang nasa parke at halos walang tao sa mga lansangan ng Baghdad. Pinalibutan ng mga tropa at tangkeng Amerikano ang parke at sinarhan ang mga pasukan at labasan dito. Tanging ang nagbabantay na mga tropang Amerikano, ang sasakyang ipinambuwal sa rebulto, isang pulutong ng kalalakihang Iraqi at ilang mamamahayag na bitbit ng mga pwersang US ang nasa parke. Patagong ginamit ang sasakyan para hilahin at ibagsak ang rebulto sa pamamagitan ng kable dahil hindi ito kaya hilahin ng kakaunting tao o tibagin sa pamamagitan ng iilang maso. Nakita rin at iniulat ng iba pang mamamahayag tulad ng mga taga-Time Magazine, na ang kalalakihang Iraqi na kasama ng mga sundalong US ay hindi mga residente ng Baghdad kundi mga kasapi ng Free Iraqi Forces (FIF) na nakabase sa ibang bansa, isinakay sa eroplano ng Pentagon at ipinasok sa Irag para sa huwad na pagdiriwang. Ang FIF av isang grupong bayaran ng CIA at pinamumunuan ng panguna-

hing papet ng US na si Ahmed Chalabi.

Ang pantastikong "pagliligtas" kay Pvt. Jessica Lynch. Mas maaga pa, ipinalabas ng CIA at Pentagon, sa pamamagitan din ng hawak nilang midya, ang gawagawang kwento hinggil sa umano'y pagliligtas ng US Special Forces sa isang sundalong Amerikanong nabihaq ng mga pwersang Iragi.

Noong Abril 3, ipinagmayabang ng US ang diumano'y matagumpay at dakilang pagbawi ng US Special Forces kay Pvt. Jessica Lynch, 19 taong gulang, mula sa mga kamay ng mga sundalong Iraqi.

Mula't sapul, parang sineng hinabi ng midyang kontrolado ng CIA/Pentagon ang kwento tungkol sa umano'y paqtakas ni Lynch. Bukambibig nila ang iskrip ng CIA/Pentagon na "patuloy na nanlaban si Lynch sa abot ng kanyang kakayahan." Batay umano sa mga pahayaq ng mga "di pinangalanang upisyal-militar," nagtamo si Lynch ng maraming tama ng bala at sinaksak pa siya ng mga sundalong Iraqi. Idinaqdaq pa nila na walanq pagmamalasakit ang malulupit na Iraqi sa kalaqayan ni Lynch. Nalaman lamang nila umano ang tungkol sa kalagayan ni Lynch dahil sa



kabutihang-loob ng isang abugadong Iraqi na naglakad ng ilandaang milya tungo sa isang tsekpoynt ng mga Amerikano upang ipaalam na hawak ng mga Iraqi si Lynch at iba pang sundalong Amerikano. Sa gayon, inilatag diumano ang planong operasyong militar ng US Special Forces at pinasok nila ang ospital sa kalagitnaan ng gabi upang iligtas si Lynch.

Ngunit nitong Mayo, ibinunyag ng ibang mamahayag ang kahungkagan ng kwentong ito. Sa isang imbestigasyong ginawa at ibinrodkas ng British Broadcasting Corporation (BBC), nabunyag na walang anumang tama ng bala at saksak si Pvt. Lynch. Sa halip, nabalian siya sa braso at hita at nalisya ang kanyang sakong nang tumaob ang kanyang sinasakyang trak. Naaksidente ito at napahiwalay sa komboy ng mga trak ng suplay nang sumidhi ang *sandstorm* (bagyong buhangin).

Ayon sa imbestigasyon ng BBC, dalawang araw bago ang "pagliligtas," nilisan na ng mga sundalong Iraqi ang ospital at inihabilin nila sa mga doktor na Iraqi si Lynch. Mahusay siyang inalagaan ng mga doktor na Iraqi. Kaagad ring ipinagbigay-alam ng mga doktor sa mga sundalong Amerikano ang kalagayang medikal ni Lynch at kinumpirma ito ng mga Amerikanong doktor na nagsiyasat sa kanya. Ayon sa mga ininterbyu sa mga istap at doktor ng ospital, tinangka nilang ihatid si Lynch sa pinakamalapit na tsekpoynt ng mga Amerikano, ngunit pinaputukan lamang ang kanilang ambulansya kaya napilitan silang bumalik sa ospital.

Gayon na lamang ang pagkagulat ng mga doktor at istap ng naturang ospital nang biglang dumagsa ang mga sundalong Amerikano sa pagamutan at nakipaglabanan doon nang wala namang kalaban.

Malaking kahungkagan ang animo'y pelikulang Rambo o Arnold Schwarzenneger na palabas ng CIA at Pentagon tungkol sa "mapangahas at matapang" na pagliligtas ng mga sundalong Amerikano kay Lynch sa gitna ng "matinding putukan at labanan." Parang sirang nagsisigawan ang mga sundalong Amerikano, nagpapaputok ng mga blangkong bala at nagpapasabog ng maliliit na bomba. Bigla namang umaligid ang isang rescue helicopter at dali-dali nitong isinakay si Lynch. Habang isinasagawa ang pekeng pagliligtas, kumukuha ang ibang sundalo ng video gamit ang night vision camera at ibinobrodkas ito nang live sa Central Command sa Qatar. Agad itong inedit, ipinamahagi, pinagpistahan ng midya at ipinalabas sa mga telebisyon sa buong mundo.

## Reyd sa detatsment: 13 armas, nasamsam ng BHB

ANIM na M16, pitong garan at sarisaring kalibre ng mga bala ang nasamsam ng mga gerilya ng Julito Tiro Command ng BHB-Northern Mindanao nang salakayin nila ang detatsment ng 9th IB sa Sityo Lantaca, Barangay Kibanban, Balingasag, Misamis Oriental bandang alas-9:00 ng umaga nitong Hunyo 3.

Isang sundalo ang napatay at isang elemento ng CAFGU ang nasugatan sa 30 minutong labanan. Halos kasabay namang hinaras ng isa pang yunit ng BHB ang isa pang detatsment ng 9th IB sa sentro ng barangay.

Malugod na binati ni Jorge "Ka Oris" Madlos ang BHB sa matagumpay na taktikal na opensiba. Binati rin niya ang masang sumuporta sa operasyon. Ilan sa kanila ay boluntaryong sumama sa operasyon at tumulong sa paghakot ng mga baril na nasamsam at pag-asikaso sa mga nasugatan.

Matagal nang nakaatras ang mga Pulang mandirigma nang dumating ang reimporsment mula sa 2nd at 5th Special Forces Battalion at 2nd Reconnaisance Coy na suportado ng dalawang helikopter na MG-520.

### Sundalong sangkot sa pagsalbeyds kina Ka Eden at Ka Eddie, inaresto

INARESTO ng National Bureau of Investigation nitong Hunyo 3 si M/Sgt. Donald Caigas, isa sa mga salarin sa pagpaslang kina Ka Eden Marcellana at Ka Eddie Gumanoy. Si Ka Eden, pangkalahatang kalihim ng Karapatan-TK at si Ka Eddie, tagapangulo ng Kasama-TK, ay dinukot at sinalbeyds ng mga tauhan ni Col. Jovito Palparan, kumander ng 204th Bde, sa Naujan, Mindoro Oriental noong Abril.

### Pagpaslang sa upisyal ng Bayan Muna sa Isabela, kinundena ng BHB

MARIING kinudena ng Fortunato Camus Command (FCC) ng Bagong Hukbong Bayan-Cagayan Valley ang pagpaslang kay Joaquin "Jake" Soriano, tagapangulo ng Bayan Muna sa Jones, Isabela. Si Soriano ay pinatay ng mga sundalo ng AFP sa kanyang bahay noong Mayo 15 sa San Vicente, Jones sa utos ni Gov. Benjamin Dy Jr. ng Isabela. Sa isang pahayag, kinundena rin ni Victor Servidores, tagapagsalita ng FCC, ang malisyosong paratang ng AFP na si Soriano ay pinatay ng BHB.



#### Laban sa pagtaas ng matrikula, sinimulan na

SINIMULAN na sa pangunguna ng League of Filipino Students (LFS) at Anakbayan ang kampanya laban sa panibagong pagtaas ng matrikula. Hahantong ito sa malawakang mga aksyong masa pagbukas ng klase sa Hunyo 16.

Anang LFS, may 317 pribadong unibersidad at kolehiyo ang pinahintulutan ng Commission on Higher Education (CHED) na magdagdag ng P22-62 bawat

yunit ngayong pasukan. Karaniwang may tatlong yunit ang isang *subject* at nakaenrol sa lima hanggang walong *subject* ang isang estudyante sa kolehiyo.

Dahil sa pagtaas na ito, maraming estudyante mula sa mga pribadong paaralan ang naglipatan na sa mga paaralang publiko. Ngunit ayon sa CHED, magtataas na rin ng matrikula ang mga unibersidad ng qubyerno.

## 39% ng kabataan, hindi nakapag-aral noong 2002 -Anakbayan

TATLUMPU'T siyam na porsyento (39%) o 3.5 milyon sa mga bata at kabataang dapat ay nag-aaral (edad 5-24) ang hindi nakapag-enrol noong 2002, ayon sa pag-aaral na ginawa ng grupong Anakbayan. Karamihan sa kanila ay nasa kanayunan.

Ayon din sa pag-aaral, 36% ng 30.2 milyong kabataan (edad 13-35) ang hindi nakapag-aral at walang napasukang trabaho noong isang taon. Ang nakapag-enrol sa hayskul, kolehiyo at kursong bokasyunal ay 21% lamang. Sa mga may hanapbuhay, 22% ay nagtatrabaho sa mga sakahan at 21% sa kalunsuran, na karamiha'y kontraktwal.

### Sobrang paniningil ng Meralco, binatikos

HINDI pa man naibabalik nang buo ang P30 bilyong sobrang siningil ng Meralco sa 3.4 milyong rehistradong mga konsyumer nito, pinayagan na naman ng Energy Regulatory Board na sumingil ng dagdag na P0.08/kwh ang kumpanya. Ito ang inilantad ng People Opposed to Warrantless Electricity Rates (POWER).

Binatikos din ng POWER ang paraan ng Meralco ng unti-unting pagbabalik sa sobrang singil nito. Anang POWER, dapat isauli nang buo, agaran at walang kundisyon ang utang ng Meralco sa lahat ng konsyumer. Dapat din daw bayaran ng kumpanya ang aabot sa P2 bilyong interes sa loob ng walong taong naningil ito nang sobra.

### Mga sakahang nakapailalim sa CARL, ipinanukalang magamit bilang kolateral

ANIM na panukalang nakatuon sa pagpapahintulot na gamiting kolateral sa pangungutang ang mga lupang ipinamahagi sa ilalim ng reaksyunaryong reporma sa lupa ang nakahapag ngayon sa kongreso at senado. Kabilang ang mga ito sa

mga prayoridad na panukalang batas ng rehimeng Arroyo ayon sa kanyang *State of the Nation Address* noong Hulyo 2002. Kung maisasabatas, magkakaroon ng dagdag na paraan ang mga panginoong maylupa na bawiin ang lupang ipi-

namahagi na sa ilalim ng CARL at Presidential Decree No. 27. Sa mga panukalang nakahapag sa kongreso, maaaring temporaryong sakahin ng magpapautang ang sakahang kolateral hangga't hindi pa nakapagbabayad ang magsasaka.

### Pulong ng G8, sinalubong ng protesta

UMABOT sa 120,000 ang nagprotesta laban sa G8 na nagpulong sa Evian, France nitong Hunyo 1-3. Tinuligsa nila ang globalisasyon at ang pananakop ng US sa Iraq.

Mayo 29 pa lamang ay nag-umpisa nang magprotesta ang libu-libong mamamayan sa lunsod ng Lausanne sa Switzerland. Nagsindi sila ng 50 siga na tinawag nilang "apoy ng protesta" sa paligid ng Lake Geneva sa hangganang France-Switzerland.

Nagsalubong sa bahaging Swiss ng hangganan ang mga martsa mula sa bayan ng Annemasse, France at Geneva, Switzerland at pumasok sa France noong Hunyo 1.

Nagpatuloy ang protesta hanggang sa huling araw ng pulong ng walong pinakamayayamang bansa sa mundo: ang US, Britain, France, Germany, Italy, Canada, Japan at Russia.

#### Iran, pinag-iinitan ng US

MATAPOS salakayin ang Iraq, pinaghahandaan naman ngayon ng militaristang gubyernong Bush ang "pagpapalit ng rehimen" sa Iran. Inilalatag ngayon ng mga propagandista ng US ang batayan upang pagmukhaing demonyo ang bansa at ang mga lider nito. Ayon sa US, gumagawa at nagmamantine ang Iran ng mga armas nukleyar at kinakanlong nito ang ilang myembro ng al Qaeda na nagsitakas mula sa Afghanistan. Ngunit mismong ang Central Intelligence Agency ay nagpapabulaan sa mga ito.



Taon XXXIV Blg. 9 Hunyo 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

## Ibayong inaarmasan ng US ang rehimeng Arroyo

bayong inuudyukan ng imperyalismong US ang militarismo ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Sa pamamagitan ng \$357 milyong kabuuang halaga ng ayudang militar na ipinangakong ibibigay ng gubyernong US, nais nitong lalo pang paigtingin ng reaksyunaryong rehimen ang todong digma sa Mindanao, Mindoro at iba pang bahagi ng bansa.

Sa paqdalaw nitong Mayo ni Gloria Arroyo sa kanyang among si Presidente George W. Bush ng US, tumanggap siya ng regalo para sa kanyang walang pasubaling pagkapapet sa imperyalismong US. Nagpahayaq nq lubos na kaqalakan si Bush sa todo-todong pagsuporta ni Arroyo sa "pandaiqdiqanq qerang anti-terorista" at sa pagsalakay at pagsaklot ng US sa Iraq. Pinalakpakan din ni Bush ang deklarasyon ni Arroyo ng pagsusulong ng todong diqma sa Pilipinas laban sa mga rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan ng PKP at MILF.

Bilang pabuya sa kanyang napakatapat na tuta, tinagurian ni Bush na isa na umanong mayor na alyado ng US sa labas ng North At-

lantic Treaty Organization ang Pilipinas sa Asia-

Pacific, kahanay ng Japan at Australia. Dinagdagan din ni Bush ang mga instrumento ng panunupil ng gubyernong Arroyo. Ito na ang pinakamalaking limos na natanggap ng sinumang papet na presidente mula nang patalsikin ang mga base militar ng US noong 1992.

Aabot sa \$47 milyon ang subsidyo ng gubyernong Bush sa rehimeng Arroyo para sa paglulunsad ng Balikatan 03-1 sa Sulu ngayong Hunyo o Hulyo. Dalawang milyong dolyar (\$2 milyon) naman ang nakalaan sa "rehabilitasyon ng Sulu," o ang sangkap na pansaywar pagkatapos manalasa ang mga tropa ng US at AFP sa lalawigan.

Dagdag pa rin sa arsenal ng panunupil na iniregalo ni Bush ang 15,000 ripleng M16, bu-

kod pa sa 15,000 nauna nang ipinadala noong Abril; \$30 milyon para sa pagsasanay at pag-aarmas ng mga light reaction company, light reaction battalion at SEALS (mga tropang kumando) ng Philippine Navy; 33 helikopter na pangkombat; perang pangkumpuni sa mga ito at sa mga ero-

panggerang dati nang ipinangako ng US; at \$10 milyon para sa mga

plano, trak at barkong

Mga tampok sa isyung ito...

Mga tagumpay sa rebolusyong agraryo sa Samar PAHINA 6 Kasinungalingan sa likod ng gera sa Iraq PAHINA 7 13 armas, nasamsam sa reyd sa Misamis Oriental PAHINA 11